Sinuman ang bumisita ng may sakit o bumisita sa kapatid niya [sa pananampalataya] para sa kaluguran ni Allah,Mananawagan sa kanya ang Anghel nang:Naging dalisay ka,at naging dakila ang iyong gantimpala,at gumawa ka ng iyong tahanan sa Paraiso

Ayon kay Abe Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na MArfu: ((Sinuman ang bumisita ng may sakit o bumisita sa kapatid niya [sa pananampalataya] para sa kaluguran ni Allah,Mananawagan sa kanya ang Anghel nang:Naging dalisay ka,at naging dakila ang iyong gantimpala,at gumawa ka ng iyong tahanan sa Paraiso))
[Maganda] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Sinuman ang umalis upang bumisita ng may sakit o bumusita sa kapatid niya para sa kaluguran ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan,Tunay na ang isang Anghel ay mananawagan sa kanya-mula kay Allah-Pagkataas-taas Niya-Na naging dalisay ka sa iyong mga kasalanan,at naging maginhawa ka,dahil sa malaking gantimpala na mula pa kay Allah,at gumawa ka ng palasyong titirahan mo sa Paraiso

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3442